



Lungsod ng Fairfield
Public Works Department
1000 Webster Street
Fairfield, California 94533

Prsrt Std
US Postage
PAID
Fairfield CA
Permit 166



Ulat sa Pagkakaroon ng Kumpiyansa ng Consumer 2019 Inuming Tubig

Mga Alalahanin sa Kalidad ng Tubig

Lead

Kung mayroon nito, posibleng magdulot ng mga seryosong problema sa kalusugan ang matataas na antas ng lead, lalo na para sa mga buntis na babae at maliliit na bata. Ang lead sa inuming tubig ay pangunahing mula sa mga materyal at parteng nauugnay sa mga linya ng serbisyo at tubo sa bahay. Responsibilidad ng Lungsod ng Fairfield na magbigay ng mataas na kalidad na inuming tubig, pero hindi nito makokontrol ang iba't ibang materyal na ginagamit sa mga parte ng tubo. Kapag ilang oras nang hindi nagagamit ang inyong tubig, puwede ninyong i-minimize ang posibilidad ng pagkakalantad sa lead sa pamamagitan ng pag-flush sa inyong gripo sa loob ng 30 segundo hanggang dalawang minuto bago gumamit ng tubig para sa pag-inom o pagluluto.

Kung nag-aalala kayo sa lead sa inyong tubig, baka gusto ninyong ipasuri ang inyong tubig. Available ang impormasyon tungkol sa lead sa inuming tubig, mga paraan ng pagsusuri, at hakbang na puwede ninyong gawin para ma-minimize ang pagkakalantad mula sa hotline ng Ligtas na Inuming Tubig o sa <http://www.epa.gov/lead>.

Bawat tatlong taon, ang Lungsod ng Fairfield ay nangongolekta ng mga sample sa mga gripo ng consumer para matukoy ang mga antas ng lead sa inuming tubig na posibleng magresulta mula sa pangangalawang ng mga parteng may lead sa sistema ng pamamahagi o sa tubo sa bahay ng sistema ng tubig. Makakatulong ang mga sample na ito na tasahin ang pangangailangan o pagiging mabisa ng pag-treat para makontrol ang pangangalawang.

Nakatugon sa pagsunod sa pinakahuling round ng pagsusuri noong 2017 – walang natukoy na lead sa 90% ng mga nakolektang sample. Magsisimula sa 2020 ang susunod na round ng pagsusuri.

Seguridad

Nagsagawa ang Lungsod ng Fairfield ng kumprehensibong pagtatasa sa kahinaan para sa mga pinagkukunan ng sistema ng tubig. Kung may makikita kayong mga item na dapat alalahanin o may mapapansing anumang bagay na kahina-hinala, makipag-ugnayan sa Lungsod ng Fairfield sa 707.434.6100.

Mga Sensitibong Populasyon

Posibleng mas madaling tamaan ng mga contaminant sa inuming tubig ang ilang tao kaysa sa pangkalahatang populasyon. Ang mga immuno-compromised na tao gaya ng mga taong may cancer na sumasailalim sa chemotherapy, mga taong sumailalim sa mga pag-transplant ng organ, mga taong may HIV/AIDS, o iba pang sakit sa immune system, ilang nakakatanda, at sanggol ay puwedeng partikular na nanganganib sa mga impeksyon. Dapat humingi ng payo ang mga taong ito tungkol sa inuming tubig mula sa kanilang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan. Available ang mga alituntunin ng U.S. EPA/Centers for Disease Control (CDC) tungkol sa wastong paraan para mabawasan ang panganib ng impeksyong dulot ng Cryptosporidium at iba pang microbial na contaminant mula sa hotline ng Ligtas na Inuming Tubig (1.800.426.4791).



Mahalaga ang pagsubaybay sa mga parameter ng kalidad ng tubig sa pagbibigay sa mga customer ng ligtas at malinis na inuming tubig.

Para sa Higit Pang Impormasyon:

Mga tanong tungkol sa ulat na ito, Jenell Pratt 707.437.5386

Pagsingil para sa Tubig, 707.428.7346

Mga Pagkukumpuni para sa Tubig, 707.428.7415

Mga Alalahanin sa Kalidad ng Tubig, 707.437.5390

Mga Pagkukumpuni para sa Tubig Pagkatapos ng Oras ng Trabaho, 707.428.7300

Libreng Pag-audit sa Pagtitipid ng Tubig, 707.428.7630

Hotline ng Ligtas na Inuming Tubig ng EPA, 800.426.4791/800.426.4791



Tinitiyak ng mga biswal na pagsusuri sa mga proseso sa planta na tumatakbo nang maayos ang planta para sa pag-treat ng tubig.

Inuming Tubig

Potensyal na Panimulang Tala

Para matiyak na ligtas inumin ang tubig mula sa gripo, ang US Environmental Protection Agency (USEPA) at ang State Water Resources Control Board – Division of Drinking Water (Estado) ay nagrekomenda ng mga regulasyong naglilimita sa dami ng ilang partikular na contaminant sa tubig na ibinibigay ng mga pampublikong sistema ng tubig. Nagtakda rin ng mga limitasyon ang regulasyon ng Lupon ng Estado para sa mga contaminant sa nakaboteng tubig na nagbibigay ng parehong proteksyon para sa pampublikong kalusugan. Kasama sa ulat na ito ang mga detalye tungkol sa kung saan nanggaling ang inyong tubig mula sa gripo, ano ang laman nito, at kung paano ito maikukumpara sa mga pamantayan ng Estado at USEPA.

Inililista ng mga talahanayan sa dokumentong ito ang mga contaminant sa inuming tubig na natukoy sa loob ng Enero 1 - Disyembre 31, 2019. Pinapahintulutan kami ng Estado na subaybayan ang ilang contaminant nang wala pang isang beses sa isang taon dahil madalang magbago ang mga concentration ng mga contaminant na ito. Ang inuming tubig, kasama na ang nakaboteng tubig, ay posibleng makatuwirang asahang maglaman ng kahit man lang kaunting contaminant. Ang presensya ng mga contaminant ay hindi nangangahulugang magkakaroon ng panganib sa kalusugan dahil sa tubig. Posibleng makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga contaminant at potensyal na epekto sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa hotline ng Ligtas na Inuming Tubig ng USEPA (1.800.426.4791).

Potensyal na Panimulang Tala:

Ikinalulugod ng Lungsod ng Fairfield na ipresenta ang 2019 Taunang Ulat sa Kalidad ng Tubig. Nananatili kaming nakatuon sa pagbibigay ng mataas na kalidad na inuming tubig sa inyo, ang aming mga customer, habang patuloy naming nahihigitan ang mahihigpit na Pang-estado at Pederal na pamantayan sa inuming tubig na itinakda ng California Division of Drinking Water at ng U.S. Environmental Protection Agency.

Kasama sa ulat na ito ang impormasyong nagbibigay ng mas detalyadong pagtingin sa mga pinagmumulan at pagsusuri sa pagsunod ng inyong inuming tubig para sa 2019. Salamat sa pagpapahintulot sa aming mapaglingkuran kayo.

Covid-19 at Supply ng Inuming Tubig ng California

Ipinahayag ng World Health Organization na, "hindi natukoy ang presensya ng COVID-19 virus sa mga supply ng inuming tubig at batay sa kasalukuyang ebidensya, mababa ang panganib sa mga supply ng tubig."¹ Kinakailangan ang mga proseso ng pag-disinfect para sa inuming tubig ayon sa mga regulasyon sa inuming tubig ng EPA at Estado na talagang mabisa laban sa mga virus, kasama na ang COVID-19.

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa epa.gov/coronavirus at https://www.waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/drinkingwater/covid-19.html

Hinihikayat ang input ng publiko tungkol sa mga isyu sa inuming tubig. Puwede kayong dumalo sa isang pulong ng Konseho ng Lungsod at sabihin ang inyong opinyon. Isinasagawa ang mga pulong tuwing una at pangatlong Martes ng bawat buwan nang 6 p.m. sa Fairfield City Council Chamber sa 1000 Webster Street.

¹World Health Organization, 2020. Technical Brief. Water, sanitation, hygiene, and waste management for the COVID-19 virus. March

Pinagmumulang Tubig

Kasama sa mga pinagmumulan ng inuming tubig (parehong tubig mula sa gripo at nakaboteng tubig) ang mga ilog, lawa, batis, sapa, reservoir, bukal, at balon. Habang dumadaloy ang tubig sa ibabaw ng lupa o sa pagitan ng lupa, tinutunaw nito ang mga mineral na makikita sa kapaligiran at, sa ilang kaso, radioactive na materyal, at puwede itong makakuha ng mga substance na resulta ng presensya ng mga hayop o mula sa aktibidad ng tao.

Nanggagaling sa Lake Berryessa at Sacramento-San Joaquin Delta ang pinagmumulang tubig ng Fairfield. Pinapadaan ang tubig para sa pag-treat sa Putah South Canal at sa North Bay Aqueduct. Nahahati ang pag-treat sa pinagmumulang tubig sa pagitan ng dalawang kumbensiyonal na planta para sa pag-treat ng tubig, ang Waterman Treatment Plant at ang North Bay Regional Water Treatment Plant (ang NBR ay parehong pagmamay-ari ng Mga Lungsod ng Fairfield at Vacaville).

Kasama sa mga contaminant na posibleng makikita sa pinagmumulang tubig ang:

- Mga microbial na contaminant, gaya ng mga virus at bacteria, na posibleng mula sa mga planta para sa pag-treat ng sewage, septic na sistema, pang-agrikulturang operasyon ng pag-aalaga ng hayop, at wildlife.
- Mga inorganic na contaminant, gaya ng mga asin at metal, na posibleng makita sa kapaligiran o resulta ng runoff ng stormwater mula sa lungsod, pag-discharge ng industrial o domestic na wastewater, produksyon ng langis at gas, pagmimina, o pagsasaka.
- Mga pesticide at herbicide, na posibleng galing sa iba't ibang pinagmumulan gaya ng runoff ng stormwater mula sa agrikultura, lungsod, at residensyal na paggamit.
- Mga organic na kemikal na contaminant, kasama na ang mga synthetic at volatile na organic nakemikal, na mga by-product ng mga industrial na proseso at produksyon ngpetrolyo, at posible ring manggaling sa mga gasolinahan, runoff ng stormwater mula sa lungsod, aplikasyong pang-agrikultura, at septic na sistema.
- Mga radioactive na contaminant, na posibleng makita sa kapaligiran o resulta ng produksyon ng langisat gas at mga aktibidad ng pagmimina.

NA-TREAT NA TUBIG

Talahanayan 1 – PAGTUKOY NG MGA CONTAMINANT SA PAMAMAGITAN NG PANGUNAHING PAMANTAYAN SA INUMING TUBIG					
Substance (mga unit ng pag-uulat)	MCL	PHG (MCLG)	Inuming Tubig		Mga Pinagmumulan ng Contaminant
			Hanay	Average	
Aluminum (ppm)	1	0.6	< 0.02 – 0.10	0.07	Erosyon ng mga natural na deposito; residue mula sa ilang proseso ng pag-treat ng surface water.
Fluoride (ppm)*	2	1	0.64 – 0.871	0.72	Erosyon ng mga natural na deposito; additive sa tubig na nagsusulong ng matitibay na ngipin.

*Tine-treat ng Lungsod ng Fairfield ang inyong tubig sa pamamagitan ng pagdaragdag ng fluoride sa natural na kasalukuyang antas para makatulong na pigilan ang mga pagkabulok ng ngipin ng mga consumer. Iniaatas ng mga regulasyon ng estado na panatilihin ang mga antas ng fluoride sa na-treat na tubig sa loob ng hanay na 0.6 at 1.2 ppm.

Talahanayan 2 – PAGTUKOY NG MGA CONTAMINANT SA PAMAMAGITAN NG PANGALAWANG PAMANTAYAN SA INUMING TUBIG					
Substance (mga unit ng pag-uulat)	MCL	PHG (MCLG)	Inuming Tubig		Mga Pinagmumulan ng Contaminant
			Hanay	Average	
Aluminum (ppb)	200	NA	< 20 – 91	67	Erosyon ng mga natural na deposito; residual mula sa ilang proseso ng pag-treat ng surface water.
Chloride (ppm)	500	NA	10.5 - 15.0	12.4	Runoff/pag-leach mula sa mga natural na deposito; impluwensya ng tubig-dagat.
Amoy – Threshold	3	NA	N/A	1.4	Mga organic na materyal na makikita sa kapaligiran.
Particular na Conductance(µS/cm)	1,600	NA	208 – 620	366	Mga substance na gumagawa ng mga ion kapag nasa tubig; impluwensya ng tubig-dagat.
Sulfate (ppm)	500	NA	11.9 – 40.3	28.5	Runoff/pag-leach mula sa mga natural na deposito; mga industrial waste.
Kabuuan ng Mga Natunaw na Solid (ppm)	1000	NA	157 – 248	208	Runoff/pag-leach mula sa mga natural na deposito.
Turbidity (Units)	5	NA	0.03 - 0.11	0.05	Runoff sa lupa.

Talahanayan 3 – MGA RESULTA NG PAG-SAMPLE PARA SA SODIUM AT HARDNESS					
Substance (mga unit ng pag-uulat)	MCL	PHG (MCLG)	Inuming Tubig		Mga Pinagmumulan ng Contaminant
			Hanay	Average	
Hardness (ppm)	NA	NA	64 – 220	130	Ito ang kabuuan ng mga cation na makikita sa tubig, magnesium at calcium sa pangkalahatan. Karaniwang makikita sa kapaligiran ang mga ito.
Sodium (ppm)	NA	NA	12 – 31	19	Pangkalahatang makikita sa kapaligiran at tumutukoy sa asin na makikita sa tubig.

Talahanayan 4 – Mga Contaminant sa Estado na May Mga Antas ng Notification – PFAS/PFOS					
Substance (mga unit ng pag-uulat)	NL	PHG (MCLG)	Inuming Tubig		Mga Epekto sa Kalusugan
			Resulta		
Perfluorooctanoic Acid (ng/L))	5.1	NA	<2.0		Nagresulta sa mas mabigat na timbang ng atay sa mga hayop sa laboratoryo ang mga pagkakatantad sa perfluorooctanoic acid.
Perfluorooctanesulfonic Acid (ng/L)	6.5	N/A	<2.0		Ang mga pagkakatantad sa perfluorooctanoic acid ay nagresulta sa immune suppression, sa partikular, paghina ng pagtugon ng antibody sa exogenous na hamon sa antigen.

Ang pag-uulat na ito ay naglalaman ng mahalagang impormasyon tungkol sa inyong inuming tubig. Mangyaring makipag-ugnayan sa City of Fairfield o tumawag sa 707.428.7496 para matulungan sa wikang Tagalog.

Mga Pagtatasa sa Pinagmumulang Tubig

Inaatasan ng batas ng estado ang mga utilidad ng tubig na magsagawa ng mga paunang Pagtatasa sa Pinagmumulang Tubig at Survey sa Kalinisan ng Watershed nang hindi bababa sa isang beses bawat limang taon para sa layunin ng pagsisiyasat sa mga potensyal na aktibidad na nagdudulot ng kontaminasyon na posibleng makaapekto sa (mga) pinagmumulan ng tubig. Ang mga resulta ng pagtatasang nakalista sa ibaba ay hindi nangangahulugang apektado ng mga aktibidad na iyon ang mga pinagmumulang tubig sa panahong ito pero binibigyang-pansin nito ang mga aspetong posibleng alalahanin at makakatulong sa pagbuo ng mga kinakailangang paraan para maprotektahan ang mga pinagmumulan ng inuming tubig.

Lake Berryessa: Ipinapakita ng isang Pagtatasa sa Pinagmumulang Tubig, na nakumpleto noong Pebrero 2003, na ang mga pinakamalaking potensyal na pinagmumulan ng kontaminasyon ay mga ilegal na aktibidad/hindi awtorisadong pagtatapon, aplikasyon ng herbicide, mga punto ng pag-discharge ng storm drain, at paggamit na panlibangan. Nakumpleto noong 2019 ang pinakahuling survey sa kalinisan.

Sacramento-San Joaquin Delta: Ipinapakita ng isang Pagtatasa sa Pinagmumulang Tubig, na nakumpleto noong Mayo 2003, na ang mga pinakamalaking potensyal na pinagmumulan ng kontaminasyon ay paggamit na panlibangan, runoff mula sa lungsod at agrikultura, mga pinapastol na hayop, aplikasyon ng herbicide, at pagpasok ng tubig-dagat. Nakumpleto noong 2018 ang pinakahuling survey sa kalinisan.

Posibleng makakuha ng kopya ng mga kumpletong pagtatasa at nauugnay na buod ng kahinaan sa pamamagitan ng State Water Resources Control Board – Division of Drinking Water, San Francisco District Office, 850 Marina Bay Parkway, Building P 2nd floor, Richmond, CA 94804 o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan kay Stefan Cajina, sa 510.620.3475.

SISTEMA NG PAMAMAHAGI

Talahanayan 5 – MGA PRECURSOR NG BYPRODUCT NG PAG-DISINFECT, MGA BYPRODUCT NG PAG-DISINFECT AT RESIDUAL NG DISINFECTANT					
Substance	Compliance Ratio		Hanay	Average	Mga Pinagmumulan ng Contaminant
Mga DBP Precursors	Higit sa o katumbas ng 1.0		1.5 – 3.4	2.6	Iba't ibang natural at man-made na pinagmumulan
Substance (mga unit ng pag-uulat)	MCL	PHG (MCLG)	Hanay	Pinakamataas na Tumatakpong Taunang Average	Mga Pinagmumulan ng Contaminant
Mga Trihalomethanes (ppb)	80	NA	18.0 – 77.0	53	By-product ng pag-disinfect ng inuming tubig
Mga Haloacetic Acids (ppb)	60	NA	4.2 – 24.0	18	By-product ng pag-disinfect ng inuming tubig
Substance (mga unit ng pag-uulat)	MRDL	MRDLG	Hanay	Tumatakpong Taunang Average	Mga Pinagmumulan ng Contaminant
Chlorine (ppm)	4	4	< 0.10 – 1.6	0.68	Nagdagdag ng disinfectant ng inuming tubig para sa pag-treat

Talahanayan 6– TURBIDITY BILANG PANUKAT SA PERFORMANCE NG FILTER					
Substance (mga unit ng pag-uulat)	MCL	PHG (MCLG)	Punto ng Pagpasok sa Sistema ng Pamamahagi		Mga Pinagmumulan ng Contaminant
			NBR	Waterman	
Turbidity (Mga Unit) Sukat ng pagiging malabo ng tubig.	TT = 1.0		0.13	0.14	Runoff sa lupa
	Porsyento ng mga Samples ≤ 0.3		100	100	

Talahanayan 7 – PAGTUKOY NG COLIFORM BACTERIA				
Substance	MCL	MCLG	Sistema ng Pamamahagi	Mga Pinagmumulan ng Contaminant
Kabuuang Coliform Bacteria	5 %	0	0	Karaniwang makikita sa kapaligiran
Fecal Coliform / <i>E. coli</i>	*	0	0	Dumi ng tao at hayop

*May natukoy na kabuuang coliform sa karaniwang sample at inulit na sample at may natukoy na fecal coliform o *E. coli* sa alinmang sample.

Talahanayan 8 – PAGTUKOY NG LEAD AT COPPER SA MGA GRIPO NG CUSTOMER						
Substance (mga unit ng pag-uulat)	AL	PHG	Big. ng Mga Sample (Nakolekta noong 2017)	90th Percentile Natukoy	Big. ng Mga Site na lumampas sa AL	Mga Pinagmumulan ng Contaminant
Lead (ppb)	15	0.2	50	< 5.0	0	Pangangalawang ng tubo; erosyon ng mga natural na deposito
Copper (ppm)	1.3	0.3	50	0.140	0	Pangangalawang ng tubo; erosyon ng mga natural na deposito

ABBREVIATIONS AND DEFINITIONS

AL - Action Level: The concentration of a contaminant which, if exceeded, triggers treatment or other requirements that a water system must follow.

MCL - Maximum Contaminant Level: The highest level of a contaminant allowed in drinking water. Primary MCLs are set as close to the PHGs (or MCLGs) as is economically and technologically feasible. Secondary MCLs are set to protect the odor, taste, and appearance of drinking water.

MCLG - Maximum Contaminant Level Goal: The level of a contaminant in drinking water below which there is no known or expected risk to health. Set by U.S. Environmental Protection Agency.

MRDL - Maximum Residual Disinfectant Level: The highest level of a

disinfectant allowed in drinking water. There is convincing evidence that addition of a disinfectant is necessary for control of microbial contaminants.

MRDLG - Maximum Residual Disinfectant Level Goal: The level of a drinking water disinfectant below which there is no known or expected risk to health. MRDLGs do not reflect the benefits of the use of disinfectants to control microbial contaminants.

NA - Not Applicable ND - Not Detected NL - Notification Level

NL - Notification Level

PHG - Public Health Goal: The level of a contaminant in drinking water below which there is no known or expected risk to health. PHGs are set by the California Environmental Protection Agency.

ppb - Parts per billion: or micrograms per liter (ug/L)

ppm - Parts per million: or milligrams per liter (mg/L)

TT - Treatment Technique: A required process intended to reduce the level of a contaminant in drinking water.

µS/cm - microsiemens per centimeter

PDWS - Primary Drinking Water Standards: MCLs, MRDLs and treatment techniques (TTs) for contaminants that affect health, along with their monitoring and reporting requirements.

Ang pag-uulat na ito ay naglalaman ng mahalagang impormasyon tungkol sa inyong inuming tubig. Mangyaring makipag-ugnayan sa City of Fairfield o tumawag sa 707.428.7496 para matulungan sa wikang Tagalog.